
# PAANO MAKITUNGO ANG ISLAM SA KALUNGKUTAN AT PAG-AALALA (BAHAGI 1 NG 4): ANG KONDISYON NG TAO

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Katotohanan, sa pagalaala sa Diyos masusumpungan ang kapanatagan ng puso. (Quran 13:28)

**Kategorya:**
Mga Artikulo Ang mga Pakinabang ng Islam Tunay na Kaligayahan at Panloob na Kapayapaan

**Ni:** Aisha Stacey (© 2010 IslamReligion.com)
**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 07 Apr 2013



Ang pangkaraniwan na tao sa kasalukuyang mundo ay nakikipaglaban sa kalungkutan at pagkabalisa sa araw-araw. Habang ang karamihan sa populasyon ng mundo ay nahaharap sa labis na kahirapan, taggutom, kaguluhan at kawalan ng pag-asa, tayo na siyang may pribilehiyo na mamuhay ng magaan na buhay ay dapat harapin ang takot, hirap, at pagkabalisa. Bakit ang ilan sa atin na pinagpala ng mga higit na kayamanan ay lubog sa kalungkutan at kawalan ng pag-asa? Nabubuhay tayo sa panahon ng pagkalito, sinusubukan natin hangga't maaari, subalit ang pagtitipon ng mga materyal na pag-aari ay walang magagawa upang ma-hilom ang mga nabiyak na puso, at nadurog na mga kaluluwa.

Ngayon, higit sa anumang panahon sa kasaysayan ng tao, ang hirap, pagkabalisa, at sikolohikal na mga problema ay malubhang nakakaapekto sa kalagayan ng tao. Ang mga paniniwala sa relihiyon ay nararapat na magdulot ng isang pakiramdam ng kaginhawaan subalit; tila ang ika-21 siglong tao ay nawalan na ng kakayahang kumonekta sa Diyos. Ang pag-ninilay ng kahulugan ng buhay ay hindi nagpapawi ng pakiramdam ng pagka-abandona o pag-iisa. Ang pagnanais na makakuha ng mga materyal na pag-aari, na sa ibang paraan ay nagiging patunay sa kadahilanan ng ating pag-iral, ay naging pamahid na lamang na pansamantalang nagpapaginhawa sa ating problemadong mga kaluluwa. Bakit ganito?

Mayroon tayong lahat ng bagay na magagamit, subalit ang katotohanan ay wala ni anuman. Walang bagay na nagbibigay-aliw sa kaluluwa. Ang magagarang kagamitan ay hindi umaakay sa ating mga kamay sa madidilim na gabi. Ang pinakabago sentro ng

libangan ay hindi pinupunasan ang ating mga luha o pinapawi ang ating kulubot na kilay. Yaong sa atin na nabubuhay sa sakit at kalungkutan, o dinatnan ng kahirapan ay nakakaramdam ng pagka-abandona. Pakiramdam natin walang katapusan sa isang malawak na karagatan. May mga malalaking alon na nagbabantang lamunin tayo sa anumang sandali. Ang ating mga pagnanasa at utang ay nasa taluktok at bumabagabag sa atin, na parang mga dakilang mapaghiganting mga anghel, at naghahanap tayo ng kaginhawahan sa nakaka-adik at mga kaugaliang nakakasira sa sarili.

Paano tayo makalalayo sa bangin? Sa Islam, ang sagot ay napaka-simple. Bumalik tayo sa ating Maylalang. Alam ng Diyos kung ano ang pinakamainam para sa Kanyang nilikha. Siya ay may kumpletong kaalaman sa pag-iisip ng tao. Alam niya ang sakit, kawalan ng pag-asa, at kalungkutan. Ang Diyos ang ating inaabot sa kadiliman. Kapag ibinabalik natin ang Diyos sa ating mga plano, ang sakit ay huhupa.

***“Sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at yaong mga puso na nakadarama ng katiwasayan sa pag-aala-ala kay Allah” (Quran 13:28)***

Ang Islam ay hindi isang relihiyon na puno ng mga walang kabuluhang mga ritwal at mahigpit na mga patakaran at alituntunin, bagaman maaari itong maging ganyan kung nakakalimutan na natin kung ano ang tunay nating layunin sa buhay. Nilikha tayo upang sambahin ang Diyos, wala nang iba pa. Gayunpaman, ang Diyos, sa Kanyang walang hanggan na awa at karunungan ay hindi tayo pinabayaan sa mundong ito na puno ng mga pagsubok at pagdurusa. Pinag-armas niya tayo ng mga sandata. Ang mga sandatang ito ay mas malakas kaysa sa mga sandatang militar ng dakilang hukbo ng ika-21 siglo. Binigyan tayo ng Diyos ng Quran, at ang mapananaligang tradisyon ng Kanyang Propetang si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala).

Ang Quran ay isang aklat ng gabay at ang mga tradisyon ni Propeta Muhammad ay nagpapaliwanag sa patnubay na iyon. Ang relihiyon ng Islam ay tungkol sa paggawa at pananatili sa isang pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ganito ang pakikitungo sa Islam sa kalungkutan at pagkabalisa. Kapag ang alon ay malapit nang lumagpak o ang mundo ay nagsisimulang umikot ng wala sa kontrol ang Diyos lamang ang nag-iisang matibay na kadahilanan. Ang pinakamalaking pagkakamali na maaaring magawa ng isang mananampalataya ay ang paghiwalayin ang mga relihiyoso at materyal na aspeto ng kanyang buhay.

***“ Si Allah ay nangako sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, pagiging Tanging Isa ng Diyos sa Islam), at gumagawa ng kabutihan, na para sa kanila ay mayroong pagpapatawad at isang malaking gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso).” (Quran 5:9)***

Kapag tinatanggap natin nang buong pagtalima, na tayo ay hindi hihigit sa mga alipin ng Diyos, na inilagay sa mundong ito, upang subukan, suriin at tuksuhin, ang buhay ay biglang mababago ang kahulugan. Kinikilala natin na ang Diyos ang tanging laging

nandiyan sa ating buhay at kinikilala nating totoo ang Kanyang pangako. Kapag napuspos tayo ng pagkabalisa at kalungkutan, ang kaginhawaan ay nagmumula sa pagbaling sa Diyos. Kung mamumuhay tayo alinsunod sa Kanyang patnubay, makukuha natin ang mga paraan at kakayahang malampasan ang anumang kawalan ng pag-asa. Ipinahayag ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) na ang lahat ng mga gawain ng isang mananampalataya ay mabuti.

***Tunay na kamangha-mangha ang mga bagay ng isang mananampalataya! Lahat ito ay para sa kanyang pakinabang. Kung bibigyan siya ng kadalian, nagpapasalamat siya, at magiging mabuti ito para sa kanya. At kung siya ay nagdurusa sa isang paghihirap, nagtitiyaga siya, at ito ay magiging mabuti para sa kanya.[1]***

Ang Islam ay may sagot sa lahat ng mga problema na nagpapahirap sa sangkatauhan. Hinihiling nito sa atin na tumingin lagpas sa pansariling-kaluguran, at higit pa, sa kabila ng pangangailangan na magkaroon ng mga pag-aari. Ipinapaalala sa atin ng Islam na ang buhay na ito ay isang pansamantalang pahingahan lamang sa daan patungo sa buhay na walang hanggan. Ang buhay ng mundong ito ay isang sandali lamang, kung minsan ay nag-uumapaw sa mga sandali ng sobrang kagalakan at kaligayahan ngunit sa ibang mga pagkakataon ay puno ng kalungkutan, pagkabalisa, at kawalan ng pag-asa. Ito ang likas na katangian ng buhay, at ito ang kondisyon ng tao.

Sa mga sumusunod na tatlong artikulo, susuriin natin ang patnubay mula sa Quran at ang mapananaligang tradisyon ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) sa pagsisikap na matuklasan lamang kung paano iminumungkahi ng Islam na harapin natin ang kalungkutan at pagkabalisa. Mayroong tatlong pangunahing mga punto na magpapahintulot sa mananampalataya na palayain ang kanyang sarili mula sa mga kadena ng buhay ng ika-21 siglo. Ang mga ito ay pasensya, pasasalamat, at pagtitiwala sa Diyos. Sa wikang Arabik, *sabr*, *shukr* at *tawwakul*.

***“At katiyakang kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na tulad ng pangamba at pagkagutom, ang ilan ay pagkalugi sa hanapbuhay, pagkawala ng buhay at bunga (ng inyong pinaghirapan), datapuwa’t magbigay ng magandang balita sa mga mapagpasensya.” (Quran 2:155)***

***“Samakatuwid, inyong alalahanin Ako (sa pagdarasal at pagluwalhati). Aalalahanin Ko (rin) kayo. Magkaroon kayo ng damdamin ng pasasalamat sa Akin (sa hindi mabilang na biyaya na ipinagkaloob Ko sa inyo), at huwag magtakwil sa pananampalataya.” (Quran 2:152)***

***“At kung si Allah ay tumulong sa inyo, walang sinuman ang makakapanaig sa inyo; at kung kayo ay Kanyang talikdan, sino pa ba kaya maliban sa Kanya ang makakatulong sa inyo? At kay Allah (lamang), hayaan ang mga sumasampalataya ay magtiwala.” (Quran 3:160)***

Talababa:

*Saheeh Muslim*

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/3516/paano-makitungo-ang-islam-sa-kalungkutan-at-pag-aalala-bahagi-1-ng-4

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.